

1

“So tell me, why should I hire you?” May pagkabagot ang tinig ng lalaking nag-i-interview sa kanya. Ikalabing-isa siya sa nakapilang aplikante. Personal Assistant ang posisyon at tila pinag-aagawan nila iyon ng mga kapwa aplikante dahil mas mataas sa dalawampung-libong piso ang pangakong sahod.

Because I want to kill you. Iyon ang sagot Darrien; mabuti na lang at naitago niya iyon sa kailaliman ng kanyang isip.

Maliwanag ang opisinang iyon na nasa 33rd Floor, nasa isa sa mga pinakabago at pinakamordernong gusali sa *Roxas Boulevard*. Tanaw sa bintana ang dagat sa ibaba.

Kinabahan si Darrien kanina nang pumasok siya sa silid. Pakiramdam niya ay parang lalamunin siya ng laki ng kuwartong iyon. Mataas ang kisame na off white ang kulay, at kumasya pa ang isang maliit na mezzanine sa isang bahagi ng silid. Parang big screen sa sinehan ang size ng bintana at parang magandang palabas sa sine ang tanawin sa labas niyon.

Pero horror movie para kay Darrien ang

pagmumukha ni Manu Gerhard. Ganito pala ang hitsura ng hambog na presidente ng isa sa pinakamalalaking kompanya ng real estate: ang nipis-nipis ng buhok na halos nakakalbo na, at nakabudbod sa ulo nito ang tila balakubak na nagsisipaglaglagan sa kuwelyo ng shirt at executive jacket nito na tiyak niya, *Brooks Brothers* ang tatak. Ang gilid ng tainga nito ay may maliliit na sariwang sugat, ganoon din ang mga kamay. Kaya naman pala mataas ang sasahurin, kailangan mong pakisamahan itong kakambal ni Freddie Krueger.

Tahimik niyang pinagmasdan ang milyonaryo habang binabasa nito ang resume niya. Siyempre, hindi niya inilagay doon ang lahat ng pinagdaanan niyang training para ihanda ang sarili sa pagpaslang dito. Habang nasa kolehiyo, nagawa niyang mag-ipon ng survival books na nabili niya nang mura sa university belt o sa segunda-manong bookstore.

Tuwing bakasyon, pasikreto siyang pumupuslit sa likod-bahay nila, sa kagubatan, para magsanay. Inspirasyon niya ang *Navy Seal* ng Estados Unidos at *SAS* ng Britanya. Jungle survival. Baka kasi matunton ng awtoridad ang gagawin niyang pagpapaslang, lalo't malaking tao si Manu Gerhard. Pihong marami itong koneksyon. Inisip niyang doon siya magtatago sa kagubatan. Saka na lang niya sasabihin sa nanay

niya na nangibang bansa siya para magtrabaho.

Gagawin niya ang lahat alang-alang sa mga alaala ni Julius, ang manliligaw niya. Ipaghihiganti niya ang di-makatarungang pagpaslang dito. An eye for an eye. A tooth for a tooth.

“I have psoriasis, as you can see,” paliwanag nito.

“I know,” aniya.

“You know?” Tiningnan siya nito mula sa gilid ng mata, waring nagdududa. Marahil ay marami nang nakapuna sa kondisyon nito.

“Yes, that’s why I want to be hired as your personal assistant,” sabi niya na nakatingin sa mga mata nitong bahagyang namamaga ang mga talukap. “Because I’m also a nutritionist who can plan a specific diet that can improve your condition. Not that you’d completely be cured, but if you follow a certain eating pattern, it will not be as bad.”

Napaupo nang tuwid ang lalaking kausap niya. Nakinig. “You can have a nutritious meal and still eat really great-tasting food. I’d also like to work for you so that you’ll have less stress and more time to relax and heal.”

Nagkatinginan sila, mata sa mata at doon niya

nalamang nanalo siya sa interview.

“Miss Darrien Figueras, please report here tomorrow at six in the morning,” sabi nito, sabay abot ng telepono. “Wanda, please announce to all waiting applicants that the interview is over, they may all go home.

“Can you please sign this? And I’ll see you tomorrow at six,” baling nito sa kanya.

Mabilis na hinipo ng kanyang mga mata ang kontrata saka siya pumirma sa ibaba.

“Yes, Sir. Thank you, Sir,” tugon niya. Hindi siya makapaniwalang ang dali-dali palang pumatay ng isang tao. Heto at pinapupunta pa siya nito nang ganoon kaaga.

“Ma’am Wanda,” aniya sa sekretarya nang lumabas ng ga-condominium na opisina. “Puwede bang humingi ng kopya ng mga gagawin bukas? At sa buong linggo?”

Tiningnan siya ni Wanda at ngumiti nang bahagya, saka nagbukas ng drawer sa mesa. Napapakunot ang noo niya habang tinitingnan ang buhok nitong kulay abo at maayos na nakapusod, istilong French

chignon. Napaka-prim and proper nitong tingnan sa malayo, pero nang lapitan niya ay tiyempong dumulas ang sedang balabal nito at tumambad sa kanya ang tattoo sa braso nito, malapit sa siko. Kung hindi siya nagkakamali, iyon ay mga titik ng Sanskrit, ang sinaunang panulat ng mga taga-India.

“Heto ang blackbook, dito nakalagay lahat ng appointments, meetings, travels, contact numbers ng mga kakilala’t kasosyo ni Boss, at kung ano-ano pa,” sabi nito sa mababang tinig na para bang namamahagi ng sikreto sa isang paslit.

“Ahm, wala bang digital version ito? You know, something compact that I can bring home at the end of the day.”

Tahimik na binuksan ni Wanda ang itim na pabalat at tumambad sa kanya ang napakanipis na USB, nakasukok sa bulsa sa huling pahina ng makapal na libro na malapit nang sumabog dahil sa mga nakaipit, kung hindi pa ito nakatuhog sa mga ring binder.

“I see,” aniya at tumango-tango. “Can I borrow this for tonight? I can return it tomorrow morning, and if you want, you can keep my ID for—”

“Aw, just get it out of my sight, thank you,”

eksaheradong pagtataboy nito sa librong itim na para bang may nakakahawang sakit iyong dala. Naaliw siya sa inasal ni Wanda, pero bago pa siya nakapagtanong ay nagsalita ulit ang mas may edad na babae.

“May kailangan ba akong malaman tungkol sa librong ito?” Sinubukan niyang mangalap ng intriga.

“Huwag nang makulit. Mabuti pa i-turn-over ko na sa ‘yo ‘yang librong ‘yan,” sabi nito at may kinuha sa drawer. “Sign ka dito.”

Kumunot ang noo niya nang tiningnan ang nilalaman ng papel. May nakahandang kopya para sa paglilipat ng black book si Wanda. Marahil ay ilang ulit nang nagpalipat-lipat ng PA ang nasabing libro. Ang di niya maintindihan, ay kung bakit allergic sa blackbook ni Manu Gerhard ang sekretarya.

Nakauwi na si Darrien sa kanyang condominium unit na nasa ikawalong palapag.

Walang lasa para sa kanya ang ginawa niyang pizza na may topping na longganiza, pimiento at laing. Dati-rati, nauubos niya ang isang buong twelve-inch, thin crust na ginagawa niya, pero ngayon, parang kumakain siya ng karton.

“Darn,” aniya at binitiwang sa plato ang hiwa ng pizza, saka nagpunas ng kamay sa table napkin.

Ang blackbook.

Iyon ang dahilan kung bakit hindi siya makakain nang maayos. Hindi pa man din niya ugaling magbasa o gumawa ng kung ano-ano habang kumakain. Uminom siya ng tubig at itinago ang kinakain sa refrigerator, saka kinuha ang blackbook at matunog na inilapag iyon sa mesa.

“Make sure that you’re lethal enough. Help me kill the man,” bulong niya sa libro at naupo siya para buklatin iyon.

“Nothing special,” ani Darrien habang nakangiwi at binabasa ang kalendaryo sa unang pahina. “Social events, business meetings, all the common stuff that stupid CEOs attend.”

Tumaas ang kilay niya nang lumitaw ang mukha ni Manu Gerhard sa kanyang balintataw. Binura niya iyon ng kanyang kathang-isip na eraser, pero lumitaw ulit ang mukha nito. Marahas niyang binuklat ang blackbook. Naroon ang mga mapa ng mga pinupuntahan ng boss, ang mga negosyo kung saan stockholder ito, ang mga kompanya kung saan ito consultant.

Naroon ang mapa ng dermatological clinic kung saan ito pumupunta para magpagamot, maging ang litrato ng doktor nito ay naroon. Kumawala ang isang maikling tawa sa kanya dahil nakaramdam siya ng kakaiba nang tiningnan niyang mabuti ang larawan ng doktora.

Ang kinis-kinis, ang ganda-ganda ni Doktora Valerie Carlos. May relasyon kaya ito at ang bagong boss niya? Pakiramdam niya ay espesyal ang turingan ng dalawa, base na rin sa mga appointments na nakita niya sa kalendaryo sa unang pahina. Halos lahat ng Biyernes ay may nakalagay na, ‘Dr.Valerie, 8pm.’

“Kawawa ka naman, Doktora Valerie,” aniya sa larawan. “Di pa kayo ikinakasal, biyuda ka na.”

Binasa niya ang sunod na pahina at naintindihan niya kung bakit allergic at kunsumido si Wanda sa blackbook.

Tumango-tango siya. Mabuti kung gayon. Oo nga. Yes, man. Sure. Walang dapat ikabahala sa kanya si Manu Gerhard. Kahit siya ay sang-ayon sa nakalagay sa kasulatang iyon. At may neuro-psychiatric test pa kada anim na buwan, para doon lang?

“Good, very good,” sabi niya sa sarili. At tinungo ni Darrien ang kusina, naghanda muli ng hapunan

at nilantakan ang pizza na paborito niya.

Bumalik si Darrien sa salas, dala-dala ang chamomile tea na pinatakan niya ng pampatamis na honey, naupo sa paboritong bahagi niya ng sofa, at binuksan ang telebisyon. Hustong oras ng pagbabalita; hustong ang balita ay tungkol sa isang kapitan de barangay na dinukot. Naroon ang asawa at maliliit na anak nito at umiiyak nang malamang natagpuan na ang bangkay ng ama ng tahanan.

Ayon sa autopsy, may mga bakas ng torture bago binaril ang biktima at inihulog sa dagat. Ang dahilan? Hindi raw ito pumayag na magtayo ang isang kompanya ng minahan ng ginto sa barangay nito. Ano na lamang daw ang ikabubuhay ng mga magsasaka kung ang lupa ay lalasunin ng mga kemikal na pangmina? Isa pa, habang naghihintay ng anihan, nangunguha ng ginto ang mga magbubukid sa pamamagitan ng small-scale mining na hindi nakakasira sa kalikasan.

Hindi pumayag ang kapitan kaya ipinaligpit ito ng kompanyang may interes sa ginto sa lupain ng barangay. Awang-awa si Darrien nang ipakitang muli ang maliliit pang anak ng nasawi. Naluha siya.

Naalala na naman niya ang pagkamatay ni Julius, ang nobyo niya. Ikakasal na sana sila. Pero, pareho ng kapitan sa balita, pinuno din si Julius ng isang barangay malapit sa gagawing beach resort ng kompanya ni Manu Gerhard at pinatay rin ito. Pinunasan niya ang luhang pumatak nang makita niya ang mga batang naulila na sa ama.

Hindi niya akalaing sa edad niyang ito, sa tapang na nabuo sa kanyang dibdib, ay mapapahikbi siya nang malakas.

“I swear, papatayin din kita, Manu Gerhard,” bulong niya. Dumako ang mata niya sa blackbook at tiningnan iyon nang matalim. “Una, pagkakatiwalaan mo ako. Pangalawa, kakainin mo ang inihanda kong mga pagkain. Walang makakaalam kung ano ang naging sanhi ng iyong pagkamatay.”

Napaiyak muli si Darrien nang maalala ang hitsura ng nagluluksang mga magulang ni Julius.

“Follow the yin-yang flow and it will bring healing and life. Reverse it and it will bring death,” bulong niya habang naghiihiwa ng mga gulay at naghihintay na kumulo ang karne ng baka. Nasa bahay siya ni Manu Gerhard at nanghihinayang dahil bilang na ang

mga araw ng lalaki. Gustong-gusto niya pa kasing magtrabaho nang matagal-tagal na panahon pa sana sa kusina nitong pagkalawak-lawak at kumpleto sa kagamitan.

“Nagluluto ba kayo?” tanong niya sa lalaki kanina, bago ito umalis papuntang opisina.

“No, too busy.”

“Pero ‘andami ninyong kagamitang panluto. Dati ho ba’y may tagaluto kayo?” Sinulyapan niya ang multifunctional food processor na kailangang-kailangan niya para sa mga ihahandang pagkain. Tamang-tama.

Umiling ulit ito.

Kumunot ang noo ni Darrien. May nakakatawa ba sa hitsura niya? Bigla kasing ngumiti ang taong papatayin niya at umiling-iling.

“Marahil ay inihahanda ko ito para sa girlfriend dahil naghahanap ako, pero iyong marunong magluto. What do you think, Miss Figueras?”

“Ah, kaya pala,” kaswal na sagot niya. Kung gaga siya, papatulan niya ang paglalaro at pagpaparinig nito, pero iba ang pakay niya kaya siya naririto. Alam niyang sadyang magpapakita ng kapreskuhan

ang lalaki dahil sa nakasaad sa blackbook nito. Ilang personal assistant na kaya ang dumaaan dito na sumuway sa kasunduang nabasa niya?

Puwes, hindi siya. Binalingan niya ng tingin ang mga inihahandang sangkap na nasa marmol na kitchen counter.

“Ihahatid ko mamaya sa opisina n’yo ang pananghalian,” sabi niya.

Walang salitang nilisan nito ang kusina at sa garahe sa ibaba, narinig niya ang pag-ugong ng *Mercedes* nito na maghahatid dito sa opisina. Bumuntong-hininga siya at dumekwat ng kalahating kamao ng almonds at kinain ang mga iyon.

“Okay, meat followed by flourless coffee cakes...” Itinala niya iyon sa menu table. “Steamed broccoli and beef stew.” Tumigil siya sa pagtatala at tiningnang maigi ang menu para sa linggong iyon. Sino ngayon ang makapagsasabing may lason ang mga pagkaing inihanda niya? Siya mismo, kakain din ng mga ito, pero hindi siya magiging apektado.

Type AB ang dugo ni Manu. At dahil sa sakit ng lalaki, maraming bawal na pagkain. Pero ang hindi alam ng iba, ang mga bawal na pagkaing ito ay totoong may taglay na lason. Sa taong walang sakit,

okay lang kainin ang mga ito, pero sa taong may karamdamang tulad ng psoriasis, tiyak ang tuluyang panghihina ng mga sistema ng katawan.

“You’ll be weak in two weeks’ time,” bulong niya. “Magdidilim na lang ang paningin mo, Mr. Gerhard.”

“This is great, Darrien,” komento ni Manu nang kinakain na nito ang pananghalian.

“Thank you, Sir,” sabi niya. Abala siya sa pag-aayos ng panghimagas. Ginagawan niya ng plating iyon para mas kaaya-ayang tingnan.

Tumaas ang kilay niya nang marinig na sinambit nito ang pangalan niya. So... first name basis na sila ngayon?

Go on, trust me more and more, sabi niya sa isip. Sino ang makapagsasabi na ang personal assistant slash tagaluto ng pagkain ni Manu Gerhard ang pumatay rito? Walang magiging ebidensya laban sa kanya.

Karaniwang pagkain lamang ang ihahain niya rito. Kung ibang tao ang kakain niyon, walang mangyayari sa taong iyon. Kung susuriin naman sa laboratoryo ang mga pagkain, walang makikitang

lason ang mga eksperto. Maliban na lamang siguro kung may magsabing kahina-hinala dahil ang mga pagkaing inihanda para rito ay masama ang epekto sa blood type at sa sakit nitong psoriasis. Pero saka na lamang niya iisipin iyon.

Mas magandang maging positibo. She believed that after his death, she'd be in the clear. Innocent.

2

Di bale na lang, uuwi na lang siya sa Pinas, kakalimutan na niya ang lahat ng ito. Iyon ang iniisip ni Darrien habang nasa loob sila ng *Raley's*, ang organic grocery sa South Lake Tahoe. Higit sa inaasahan niya ang nagiging koneksiyon nila ni Manu at natatakot siya.

Pinalis niya ang nararamdamang iyon sa dibdib at inalala na lamang ang pighati ng mga magulang ni Julius matapos ang libing. Ang pang-aaping ginawa ng kompanya ni Manu Gerhard sa maliliit na taong tulad nila ang nagpapaapoy sa damdamin niya.

“Let me have those bags,” sabi nito nang kunin niya mula sa shopping cart ang mga pinamili para ilagay na sa car trunk. Bagaman makapal ang suot-suot nilang jacket at walang balak matunaw ang niyebe na inaapakan nila, naramdaman pa rin niya ang init ng katawan ng lalaki nang lumapit ito sa kanya para kunin ang bag ng grocery na karga niyang parang bata. If she was honest with herself, she'd say that she got excited with the contact.

Pero sasabihin na lang niyang nabahala siya.

Ganito naman talaga ang nararamdaman ng

taong may misyon, di ba? Excited, thrilled.

Sino ang niloloko niya? Ganoon na yata siya kadesperada ngayon at pati dito sa hindi guwapo niyang kasama, na may mga sugat-sugat sa kamay, nagbababak ang balat sa mukha at sa anit, ay may nararamdaman siya.

It's just basic sexual energy coming from him and I am simply receptive to it. Gagayahin na lang niya ang katwirang iyon ng kaibigan niyang taga-*Heloise's Place* dahil maka-New Age ito.

Maybe he has had a lot of women and was sexually active in the past, sabi pa niya sa sarili. Tiyak, may mga babaeng pumapatol dito hindi dahil sa kung ano pa mang taglay na karisma o kaguwapuhan nito, kundi dahil sa malaking pera nito. Kaya kahit ganito na ang lagay nito ay totoong habulin pa rin ito ng mga babae.

Yuck.

Humigit siya ng hininga at lumingon ito sa kanya. Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis.

“Thank you, Mr. Gerhard,” aniya nang buksan nito ang pinto ng sasakyan para sa kanya.

“What do you think of South Lake Tahoe? It's

Manu, by the way.” Nakaupo na ito sa driver’s seat.

“Cold and clean and scenic,” sagot niya at tumingin sa mga puno ng pino na ang mga sanga ay yumuyuko na dahil sa bigat ng niyebe. Nag-alangan siyang tawagin ang amo sa pangalan nito.

“Is this your first trip outside the country?”

“Yes, and thank you. Salamat sa pagdala mo sa akin dito.”

“Walang anuman. Gusto ko kasi na may nag-aasikaso sa kinakain ko dahil kahit ano’ng gawin ko, di yata gumagaling itong psoriasis,” sabi nito at saka pinaandar na ang inupahang *Lexus* na snowtires ang gulong. “And I must admit, I’m not a very disciplined eater. What do we have for dinner tonight?”

“Spring onion soup, scallops with slightly wilted spinach and arugula. Mabuti na lang at may scallops pala dito, kahit nagyeyelo ang paligid,” sabi niya at tumawa. “Bagay ang scallops na i-partner sa jasmine rice, sa halip na sa pasta. Mataas kasi ang gluten content ng pasta kaya alisin na natin sa listahan ng kinakain mo.”

Tumahimik nang ilang segundo. Tila kinokonsidera ng lalaki ang kakainin sa hapunan.

“Okay, you do all that, bahala ka na,” sabi nito na waring natutuwa. “Where did you learn how to cook?”

“N’ung college. Food and Nutrition ang kurso ko,” aniya, na ang ibig sabihin ay: *kaga-graduate ko lang sa high school noong namatay si Julius sa kamay ng mga tauhan ng kompanya mo. Food and Nutrition ang kinuha ko dahil nga pinag-aralan ko kung paano kita mabibigyan ng lason na hindi makikita ng awtoridad ang ebidensya pag in-autopsy ka. Halimbawa, mamayang gabi, lalagyan ko ng iba’t ibang herbs ang rice na kakainin natin. Para sa blood type ko, hindi ako malalason, pero ikaw, manghihina ka. Kung hindi naman, medyo didilim ang paningin mo.*

“So, ano’ng susunod dito?” tanong ni Manu nang makabalik na sila sa cottage na inuupahan nito at nagsimula siyang maghanda ng hapunan.

Sinabi niyang kaya niyang ihandang mag-isa ang hapunan, pero hindi ito nakinig. Gusto raw nitong tumulong dahil wala naman daw itong gagawin sa haponng iyon at kinabukasan pa raw sila magkikita-kita ng mga kaibigan nito para mag-skiing.

“Magpakulo ka ng tubig para sa cherries.”

“What are the cherries for?” Kumuha ito ng isang mapulang-mapulang pinatuyong cereza na animo pasas ang hitsura at isinubo.

“Para sa panghimagas,” aniya na naggigisa ng sibuyas para sa sopas. Bumuntong-hininga siya saka dumungaw sa bintana ng kusina. Maliwanag pa rin at kitang-kita niya ang mapayapang Lawa ng Tahoe; napapaligiran iyon ng buhangin at bato na ngayon ay natatakpan ng niyebe. Dahil papalubog na ang araw, rosas at lila na ang kulay ng snow, imbes na puti. How romantic.

Nanghinayang si Darrien at iba ang pakay niya kaya siya narito. Apat na taon niyang pinaghandaan ang paghihiganti niya, ngayon pa ba siya uurong? Napatalon siya nang matabig niya ang kutsilyo. Nahulog iyon.

“Ang scallops!” aniya at mabilis na inagapan ang nangangamoy-sunog nang niluluto. “Hindi ito dapat masunog, dapat golden-brown lang ang kabilaan, at ganito ang pagbaliktad nito. See? Parang hotcakes, okay?” At ginabayan niya ang kamay ng amo para baliktarin ang scallops.

“Whew, sorry,” usal ng lalaki sa sinsero at mababang tinig.

“Sure,” aniya at ginabayang muli ang kamay nitong nakahawak sa siyanse, para baliktarin na ang lahat ng scallops na nasa kawali. Noon rumehistro sa kanya ang pakiramdam na hawak-hawak niya ang mainit na kamay nito at marahang bumubuga sa may tainga niya ang hininga ni Manu Gerhard. Lumingon siya at sinulyapan sa malapitan ang mukha ng taong naging sanhi ng pagkamatay ni Julius.

“Okay...” aniya sa kaswal at malamig na tinig. “Tbe-blender ko na ang sopas, ikaw naman, puwede mo nang ihalo ngayon ang herbs sa jasmine rice.”

“Just like tossing salad, isn’t it?” tanong nito.

“Yup,” aniya at hinayaan itong maglagay ng sangkap at sinabihang bahala itong magtantiya kung tama ang timpla niyon.

It’s called mixing your own poison, the one that’ll slowly kill you, sabi niya sa isip.

“Is this Manu Gerhard’s cottage?” tanong ng lalaking dilaw ang buhok at kulay-abuhing-bughaw ang mga mata. Unipormado ito at matikas ang tindig. Kumurap siya at ginawang bisor ang kamay dahil nakakasilaw ang puting-puting niyebe kapag natatamaan ng sinag ng araw sa umaga. “Are you

Darrien?”

“Yes,” sagot niya. “What can...”

“You must come with us, Darrien, he’s in the hospital right now,” sabi ng paramedic na Amerikano.

Sumalpok daw sa puno ng pino si Manu. May iniwasan itong isang batang nag-i-ski rin, pero nang lumihis ang binata ay hindi nito nakontrol ang mabilis na pagbulusok pababa, patungo sa kinatatayuan ng pino, pahayag ng kaibigang nakakita, sampu ng paramedic. Nang umayudo ang rescue team, may malay naman daw ito at paulit-ulit na sinasabing, “Call Darrien, call Darrien,” pero hindi kayang bumangon.

Dinala kaagad ito sa ospital dahil dumugo nang dumugo ang sugat nito sa noo.

Pinilit matuwa ni Darrien sa ibinalita sa kanya. Hindi siya makapaniwalang ang dali-dali palang todasin ng halimaw; ni hindi niya kailangang magangat ng kalingkingan. Marahil bumangga ito sa puno dahil nanlabo ang paningin gawa ng kinain nitong hapunan kagabi at almusal kaninang umaga.

Pero nag-aalala siya.

“W-where’s M-Mr. G-Gerhard?” tanong niya.

Totoong nang dumating siya sa emergency room at hindi nakita roon si Manu ay kinabahan siya at tila naging gulaman ang kanyang mga tuhod.

“He’s being treated, kakukuha lang ng X-ray, and fortunately, it’s a deep gash on the forehead and the skull has one hairline concussion, and that’s all,” sabi ng isang nurse na Pinay. “Relax ka lang. The bleeding’s been addressed, he’s still weak, but he’s conscious and lucid. Maayos ang salita niya. Hinahanap niya si Darrien. Ikaw ba ‘yon?”

Huminga siya nang malalim. Humupa ang tensyon niya sa malumanay na boses ng nurse, pero gustong tumakas ng isang hikbi mula sa lalamunan niya. Pinigil niya iyon at nagpasalamat sa nurse matapos tumango sa tanong nito.

“Darrien,” paos na sambit ng lalaking nakabenda ang ulo, kanang braso at balikat. Dumaing ito bago nagpatuloy, “Nagkasalubong kami ng pine tree nang nag-i-ski ako pababa sa bundok. They must have told you that already. Aw, this hurts...”

Lumapit siya sa amo. Nakahiga ito sa kama, pero halos para itong nakaupo sa sobrang taas ng pagkakaangat ng uluhang bahagi ng higaan, halos

90 degrees na ito. Sa tuwing umaatake ang sakit sa katawan nito ay nalulukot ang mukha nito at napapadiin ang ulo sa kinasasandalan.

“Is my nose gone?” tanong nito. “Nagbabakasakali akong mas guguwapo kung medyo natapyasan itong ilong na ‘to.”

Napangiti siya at umiling. “Nandiyan pa rin ang ilong n’yo, kaya lang may benda.”

“Sukat kasing yakapin ako n’ung pine tree noong magsalubong kami. Tingnan mong resulta, o.” Tumayo si Darrien at kunwa ay tiningala ang dextrose. Hindi niya alam kung bakit naluluha ang mata niya, gayong dapat ay nagpipiging siya.

“Darrien,” tawag nito. “I’m not sure if I want hospital food. Puwede ka bang magpuslit ng niluto mo? Whoo, my shoulder is throbbing!”

Nagpakawala ito ng ungol at doon naramdaman ni Darrien kung gaano kasakit ang tinitis nito. Nang hinawakan niya ang kamay ni Manu, mariin din itong kumapit sa kamay niya, nagbabakasakaling maibsan ang sakit ng mga pilay at sugat na natamo nito.

“I need you here, Darrien,” sabi nito bago pumikit ang mga mata at naging regular ang paghinga, gawa ng sedative. Tiningnan niya ang kamay nitong payat

at halata ang buto ng mga daliri. Ilang ulit na kayang humawak at kumalabit ng gatilyo ng baril ang kamay na iyon? Naranasan man lang kayang umibig niyon?

Dahil sa mumunting sugat at naglilitawang ugat sa likod ng kamay, parang nagtatrabaho tuloy nang mabigat ang lalaki, tila sanay sa hirap.

Bumuntong-hininga siya. Nakahawak pa rin si Manu sa kamay niya,

Ipagpapaliban niya muna ang matagal na niyang balak. Saka na, kapag malakas na ito.

Follow the life-giving flow of the yin and the yang, sabi niya sa isip habang hinihiwa ang mga ginkgo na ilalagay niya sa Asian soba soup na lulutuin para kay Manu. Nakatutulong sa pagpapatalas ng memorya ang ginkgo at kailangan iyon ng lalaki ngayong nagpapagaling ito. Mamaya, sa ospital na lang niya bubudburan ng asin ang edamame, bago kumain ang amo niya. Dahil mainit ang sopas, kailangang ibalanse niya ngayon ito ng low-calorie at malamig na pagkain, tulad ng green tea ice-cream na nahanap niya sa freezer sa *Raley's* nang nag-grocery sila.

“I’m glad I hired you,” sabi ng lalaki nang ipatong niya sa food tray ang bowl ng sopas.

“Thank you,” sabi niya, sabay sulyap dito na nakatingin nang direkta sa kanya habang nagsasalita.

“Uhm, Japanese soup ito, ano?” sabi nito nang matikman ang umuusok pang sopas.

“Soba soup with ginkgo. Ginkgo is good for the memory.”

Nasulayapan niyang bahagyang tumango-tango ang lalaki.

Habang kumakain si Manu, mabilis niyang binuksan isa-isa ang edamame at inilagay ang mga buto sa platito.

“I think I can do that,” sabi nito na nakatingin sa ginagawa niya. “Noong bata pa ako, habang nanonood kami ng telebisyon, iyan ang binibigay ng mama ko sa akin at sa mga kalaro ko. Dahil soy beans, mas may sustansya daw ito kaysa sa potato chips at chichirya. I feel good when I open edamame pods.”

Hindi niya namalayan na nakatingin na siya sa binata habang nagsasalita ito at tumigil na siya sa pagbabalat. Kung bakit ay marami siyang gustong malaman tungkol sa lalaking ito na sa dinig niya ay isang self-made millionaire. Binawi niya ang tingin at ipinatong na ang basket ng nasabing pagkain sa tray, kahalili ng mangkok ng sopas na naubos nito.

“Please eat with me,” sabi nito nang magsimula na itong magbalat.

“Teka, di ba bawal ikilos ang kanang kamay mo dahil sa fracture?” sabi niya saka binigyan ito ng beans na nabalatan na at isusubo na lang.

Umiling ang lalaki, parang talagang gusto ang pagbabalat.

“Di ko naman ginagamit ang kanang kamay ko, see?” At ipinakita nitong nagbubukas ito ng edamame sa tulong ng kabilang kamay at mga ngipin nito. Noon natuon ang pansin ni Darrien sa pantay-pantay at mapuputing ngipin ni Manu. Ngumiti siya dahil sa kabila ng dinaranas nito ay enjoy ito sa inihanda niyang pagkain.

“Don’t tell the nurse about my right hand, okay?” sabi nito sa kanya sabay kindat.

Ngumiti siya at pakiramdam niya ay kasabwat siya nito sa isang conspiracy.

“Do you think I’ll ever be able to use my hand again? At least the deal I came here for is already in the bag.” Sumimangot ito at tiningnan ang kamay na naka-cast, mula sa gilid ng dibdib hanggang pulsuhan, at paos ang tinig na sinabing, “I earned millions but lost the use of my hand.”

“Congratulations,” sabi niya. “And please be more optimistic about your hand. It will heal.”

“Thank you,” sabi nito at uminom na ng tubig. Tapos na itong kumain.

“Ito na nga ang ibig sabihin ng tinatawag na ‘kanang kamay,’” sabi ni Manu kay Yen habang nakikinig siya rito at naglilista ng mga gagawin nila sa araw na iyon.

Bagaman may karamdaman, nagpakita pa rin ng pambihirang willpower ang milyonaryo niyang boss. Gumagawa ito ng mga desisyon at nakikipag-usap sa mga managers at supervisors ng kompanya habang nakahiga at nagpapagaling. Nag-alala pa nga ito nang matagalan ang pagdating ng pipirmahang mga tseke dahil baka raw mahuli ang sahod ng mga empleyado nito.

“Can you please stop stressing yourself?” sabi niya rito nang gabing iyon. Naipa-deliver na niya sa Pilipinas ang mga pirmadong tseke. “Napirmahan mo naman na. Problem solved. Masusundan natin sa Internet kung nakarating na ang parcel sa opisina dahil may tracking number naman.”

“Nag-aalala lang ako na baka mahuli ang sahod ng

mga tao, lalong-lalo na iyong mga tagatahi ng jackets. Alam mo bang ang galing nilang magtrabaho? Baka sa susunod na buwan ay taasan ko pa ang sahod nila, lalo't tinanggap ng *JD Penn* ang proposal na bumili sa atin ng isang container van na down jackets. Pumirma na nga sila ng kontrata. Can you call Wanda already and check if the first batch is ready for shipping?"

"I already did," kalmadong sabi niya.

"Talaga?"

"Oo, kaninang alas dos ng hapon, at sabi niya, okay na raw iyon. Pi-pick-up-in na lang raw ng courier."

"Can you confirm today?"

"Boss, relax lang, okay? Nagpapagaling kayo. At saka alas tres ng madaling araw ngayon sa Pilipinas."

"Oh, wow," sabi nito saka tumawa nang maisip na nasa ibang time zone nga pala sila. "Geez." Pagkasabi niyon, yumupyop ang mga balikat ng lalaki na tila napagod at natalo sa paligsahan. Mukhang bumaba na rin ang enerhiya nito. Napagod marahil sa pag-aayos at pagdedesisyon para sa mga negosyo nito sa Pilipinas.

Pakiramdam ni Yen, bumaba rin ang kumpanyansa

nito sa sarili, pati na ang self-esteem.

“Everything’s going to be okay, Boss,” aniya at inilapit ang upuan sa kama nito para maging pantay ang mga mata nila. “Hindi ka nag-iisa, at gagawin ko ang lahat, sabihin n’yo lang.” Tiningnan niya ito, mata sa mata, para ipahayag ang kanyang suporta.

3

Hindi lang personal credit card ang ipinagamit ni Manu kay Yen. Pinabaunan din siya nito ng isang bungkos na twenty dollar bills. Day-off niya at ito pa ang nagtulak sa kanya na gugulin ang buong araw sa gimmick at sightseeing.

Tumanggi siya at sinabing maglalakad-lakad na lang siya at ang dami talagang magagandang tanawin sa gilid ng Lake Tahoe. Pagpipiyestahan niya ang niyebe, ang mga batang dilaw ang buhok, ang mga puno ng pino sa paligid, ang oversized meal ng *McDonald's*, sabi niya kay Manu.

Pagbalik sa Pilipinas, makikita na lang niya ang mga ito sa mga poster at mga larawan sa magazine.

“Okay. What if I tell you everything will be deducted from your salary?” pangungumbinsi ng lalaki. “So go ahead, live a little. Buy something for yourself. Ito ang unang biyahe mo sa labas ng Pilipinas.

“Nga pala, pagbalik natin ay kailangang ipa-schedule mo sa travel agency ang Perth, Australia. Sa ngayon, bilhan mo ng pasalubong ang mga kaibigan

mo. Huwag puro pictures lang ang ipakita mo sa kanila.”

Alam niyang sa tono nito ng pangungulit at pangungumbinsi ay masasaling ang damdamin ito kapag tumanggi pa siya kaya sumang-ayon na rin lang siya.

“It’s good for the soul,” pahabol pa nito.

Paano niya ba papatayin ang isang taong may kaluluwa? Nahihirapan na siya na ituloy pa ang misyon niya.

Medyo malayo ang bus stop mula sa hospital kaya minabuti na lang ni Yen na lakarin ang Lake Tahoe Avenue papunta sa Village Center, kung saan nakagrupo ang mga grocery, cafe, at souvenir shops. Isinuksok niya ang mga kamay sa bulsa ng winter parka para uminit ang mga palad.

Ibang-iba nga rito kaysa sa Pilipinas. Alam niyang hindi uubra rito ang kahit saan ay basta na lang siya pumara ng bus dahil hindi rin siya titigilan ng bus. Lumanghap siya ng hanging amoy-pine tree. Napa-wow siya dahil pakiramdam niya ay malayang-malaya siya.

Alas siyete pa lang ng umaga, exercise na rin kung lalakaran niya ang layo ng ospital at commercial center ng South Lake Tahoe.

Tamang-tamang nagbubukas na ang ilang establishments nang marating niya ang commercial center. Pumasok kaagad siya sa ‘*Neighborhood Bookstore*.’ Sa loob, pasimple siyang luminga-linga at nang makitang walang guard na sisilip sa knapsack na dala niya, tumuloy na siya sa hilera ng mga bookshelves.

Pinagpiyestahan niya ang mga cookbooks na naka-display. Gusto niyang iuwi lahat ng nakita. Ang gagara ng mga pabalat ng mga iyon at kaysarap basahin. Sa ibinigay na pera sa kanya, kaya niyang ipaempake ang ilan dito, sabihin sa cashier na ipa-ship ang mga iyon at... magkita-kita na lang sila sa Pilipinas.

Sa halip, pumili siya ng isa, iyong “*Healthy Cooking for Two*” ang pamagat, at sinimulang buklatin iyon.

“Ito ang kailangang-kailangan kong mga recipes ngayon.” Dala-dala ang manipis at hard-bound na libro, dumako siya sa mga magazine at nagbuklat-buklat. Ang nagustuhan niya sa bookstore na ito ay iyong okay lang sa mga may-ari na buklatin

mo ang mga libro't magazine nila. Pinili niya ang pinakabagong edition ng *Glamour* at kumuha rin ng isang kopya ng *Natural Health* bago dumerecho sa cashier.

Nang makalabas ng tindahan ng mga libro, ngumiti siya nang tumambad sa kanya ang *Starbucks*. Kahit nga saang lupalop ng mundo ay mayroon na nito. Nagsimula siyang maglakad patungo sa isa sa mga paborito niyang tambayan.

Malamig sa Tahoe, at dahil sa niyebe, totoong nag-iimbata ang coffee shop. Bumuntong-hininga siya. Kung sana ay may kapihang katulad ng coffee shop nina Tiffany, hindi sana siya mangungulila sa mga kaibigang nakatira sa *Heloise's Place*.

Nang maka-order si Yen ng paborito niyang latté at butter croissant na kusang natutunaw sa bibig, naupo siya sa gilid kung saan nakikita niya ang mga puno ng pino at mala-alpombrang niyebe na akalamo ay asukal na puti. Nakakasilaw ang kaputian ng snow. Inalis niya ang kulay kapeng suede jacket na suot-suot at isinabit iyon sa sandalan ng upuan. Inilagay naman niya ang knapsack at mga libro sa katabing upuan, saka huminga nang malalim.

Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwalang nakatuntong siya sa isang lugar sa

Estados Unidos na kay ganda ng mga tanawin. Kapag nasa eroplano na siya at pabalik na sila ng Pilipinas, sasabihin niya kay Manu na ang ganda ng naging karanasan niya sa Lake Tahoe at magpapasalamat siya. Kung kasama niya ngayon ang lalaki at magkasabay silang nagkakape, ganoon din ang sasabihin niya.

Para kunwari ay komportable siya at hindi isang turistang aanga-anga sa bagong lugar, naisip niyang ilabas ang netbook at i-access ang Wi-Fi ng coffee shop. Nagbabakasakali siyang may kaibigang naka-online ngayon. Kinuha niya ang knapsack at kinuha mula roon ang gadget.

Pero hindi laptop kundi ang blackbook ang tumambad sa kanya. Magkasing-laki kasi ang dalawa at dahil naayos na niya ang laman ng blackbook, magkasing-nipis na rin halos ang mga iyon.

Napabuntong-hininga siya. Gusto pa naman niyang makipag-chat sa mga kaibigang nasa Pilipinas at ipakita, sa pamamagitan ng built-in camera kung nasaan siya ngayon. Tinitigan na lamang niya ang itim na leather-bound na libro.

“Ano, ha? Ano’ng mayroon sa ‘yo?” bulong niya sa blackbook. Tumigil lang siya dahil baka makita ng mga tao na nagsasalita siyang mag-isa o mas masama, makita siyang kinakausap ang libro. *Hanggang dito*

ba naman, ay magkasama pa rin tayo? patuloy niya sa isip.

Humigop siya ng latte at kumagat sa croissant. Nakaramdam siya ng ginhawa, gawa ng sugar rush, kaya sinundan ulit niya iyon ng paghigop sa kape saka sumandal sa upuang pagkalambot-lambot.

“Whatever,” sabi niya sa libro at ibinalik iyon sa kanyang knapsack. Dinagdagan na lang niya ang ‘feel good’ niyang disposisyon sa pamamagitan ng pagbuklat ng cookbook at mga magazine na binili niya.

Ayon sa isang survey ng *Glamour*, hindi raw talaga nabibighani ang eighty percent ng kalalakihan sa mga babaeng banidosa. Mas interesado nga raw ang mga ito sa kababaihang medyo cowboy and dating o kaya ay medyo manang.

That’s because I’m curious about what lies beneath that long skirt or that conservative sweater and I find the challenge attractive, ang sagot ng isang lalaking in- interview ng staff ng *Glamour*.

Eh, siya? Maaakit ba si Manu Gerhard sa hitsura niya? Malamang ay hindi. Alam niyang madami itong naging girlfriends--mga celebrity, modelo, at artista. Nahinto lang ang social life nito nang dapuan ng

matinding psoriasis.

Tumaas ang kilay ni Yen. Alam niyang hindi ito nagpapatingin sa mga espesyalista dahil ayaw nitong malagay ang pangalan sa mga society pages at tabloids. Siguro iniwasang mabalita na may chronic illness ito. Sa dalawang linggong paninilbihan niya rito ay wala siyang alam na babaeng tumawag dito o tinawagan nito, maliban na lamang doon sa doktora.

Natawa siya nang maalala niyang inakala niyang date si Manu si Dr. Valerie. Ito pala ay isang beteranong dermatologist at tiyahin ng milyonaryo. Sa edad na pa-sisenta, mukha itong cuarenta--isang magandang babae.

Ang batang hitsura raw nito ay hindi nakuha sa face lift at kung ano-anong laser treatment at anti-wrinkle creams, kundi sa tamang pagkain at oras ng pagtulog. Nang nakausap niya ito, nagbigay ito ng instruksyon at babala tungkol sa mga dapat at di dapat kainin ng lalaki, na sinusunod naman nila.

“Itong pamangkin ko, makulit at mapili sa pagkain. Sinabi nang bawal ang beer, bawal ang sugpo, bawal ang alamang... sinunod ba ako? Kung di lang mas matangkad at mas malaki sa akin ay kinutusan ko na,” sabi nito noong magkausap sila.

Taimtim siyang nakinig. Ipinagtapat din nitong nag-schedule na raw itong masamahan ang lalaki sa United Kingdom para doon magpagamot, pero inignora iyon ni Manu.

“My analysis is, he’s afraid of confronting his illness,” sabi noon ng doktora sa malakas na tinig, waring nagpaparinig sa lalaking nakatayo sa di kalayuan kung saan sila nag-uusap. *“He’s afraid of confrontation, per se. Just look at his relationships. A chain of broken and angry hearts.”*

A chain of stupid women, you mean, naisip ni Yen noon, pero hindi na isinatinig sa matandang babae.

Bumuntong-hiningang muli siya at hinigop ang natitirang kape, saka itinulak sa bibig ang kalahating piraso ng croissant. Ngayong nakapag-almusal na siya at mahaba pa ang umaga, balak niyang mag-shopping para sa mga kaibigan. Kung narito lamang si Raven, lulutang iyon sa tuwa dahil sa ilang tindahang maka-New Age.

Plano niyang bilhan ng crystal o tarot card o book of spells ang kaibigan niyang naniniwala at pinagpipilitang may lahing manghuhula, manggagayuma, at manggagamot ang angkan nito.

Minabuti niyang gawing organic o eco-friendly

ang lahat ng magiging pasalubong niya: tote bag na gawa sa mga recycled leather belt para kay True. Pati siya ay hindi mapigil ang sariling hindi iyon isabit sa balikat at tingnan ang sarili sa salamin. Iregalo na lang kaya niya ito sa sarili at huwag nang ipaalam kay True?

Mabangong kandila na gawa sa natural na soy wax para kay Doc Bonnie, organic dog treats para sa art gallery owner na si Veda. Well, actually, para sa aso nitong siya lang yata ang kilalang kaibigan. Ang iba kasing bisita, kakilala't kaibigan ni Veda ay kaaway ni Hoova. The dog deserved a pasalubong from her. Bibilhan na lamang niya si Veda ng isang set ng German, plant-based water color na matagal na nitong inaasam-asam.

Isang makapal na libro ng *Tricks of Hollywood Makeup Artists* ang binili niya para sa kaibigang si Paula. Dentista ang kaibigan niyang ito, pero hobby ang mag-ayos at mag-costume ng kung ano-ano. Sa klinika nito, kapag walang pasyente, gumagawa ito ng sari-saring pustiso na iba't iba ang istilo. Mayroong parang ngipin ni Marilyn Monroe, parang pangil ng mga bampira, parang ngipin ng taong-grasa, parang ngipin ng kalabaw, at kung ano-ano pa. Sikreto ang hobby, pero dinadayo si Paula ng mga taga-teatro at costume designer sa telebisyon. Mas malaki nga

ang kita nito sa hobby na iyon, kaysa sa pagiging lisensyadong dentista.

Noong isang *Halloween* party sa *Heloise's Place*, umorder siya dito ng ngipin ng bruha. Hindi biro ang halaga ng set na iyon, pero sukat na sukat sa kanya at natural na natural na para bang iyon ang ngipin niya.

“Well, here’s one for you,” aniya at inilagay sa shopping cart ang mabigat na libro na puro larawan at instruksyon kung paano magpaganda o magpapangit ng isang tao.

Ang huling tindahang pinuntahan ni Darrien ay isang maliit na shop na may karatulang *Earth Mother*. Nasa labas pa lamang siya ng pintuan ay naaamoy na niya ang mababangong paninda sa loob.

Mas mahal ang mga panindang de-garapon, de-lata, o kaya ay de-paper bag, kaysa sa mga produktong nasa *Raley's*. Ayon sa tagline, *Biodynamic products* daw ang mga paninda sa loob at alam niyang espesyal ang mga produktong ito. Binilhan niya ang sarili ng beeswax lipstick na ang bango-bango. Bumili siya ng maliit na bote ng baby oil para sa kaibigang nag-iimbita ng baby shower.

At panghuli, binilhan niya ng *biodynamic coffee* si Madam *Heloise*, ang may-ari ng kinatatayuan ng

condominium nila. Dati ay ipinaghanda siya nito ng isang party at sinabing gamitin ang mga espesyal na produktong nasa refrigerator nito. Mga pagkaing biodynamic daw ang mga iyon. Mas potent, mas malakas daw ang epekto sa katawan ng mga pagkaing iyon dahil kakaiba ang paraan ng pagtanim ng mga iyon--paraang biodynamic daw. Iyon ang unang introduksyon niya sa nasabing salita.

How she loved that woman. Parang pangalawang nanay. Naroong puntahan niya ito para iiyak at ilabas ang kanyang frustrations sa buhay. Kung paano nawala ang paborito niyang manliligaw, si Julius. Kung paano ito napatay. Nakinig ito nang walang panghuhusga. Ni hindi nga ito nagbigay ng unsolicited advice. Pero nang matapos ang kanyang pag-iyak at pagtatalak, ang luwag-luwag ng dibdib niya.

Dadalhin na sana ni Darrien ang shopping basket sa cashier nang mamataan niya sa ituktok ng isang shelf ang isang produktong nagpa, “Ows?” sa kanya.

Garlic Capsules, sabi ng etiketa ng bote. Noon pa sana niya gustong iprisinta sa boss niya na kumain ito ng isang butil ng bawang araw-araw para mas lumakas ang puso at resistensya nito, pero parati siyang nauunahan ng hiya at takot na baka pagtawanan lamang siya nito.

Ano ito, anti-bampira? baka sabihin pa.

Bumuntong-hininga siya pero inabot din ang bote saka binasa ang label. Bahala na. Pakikiramdaman na lang niya kung gusto o ayaw nito. Siya na lang ang lalagok ng mga ito kung saka-sakali. Bakit hindi?

“Magandang umaga, Boss. Kumusta ka na?” bati ni Yen pagdating na pagdating, at nakitang nakahiga si Manu bagaman gising na.

“Starving,” sagot nito sa walang ka-emo-emosyong tinig.

“Hindi kayo hinatiran ng pagkain kahapon? Sinabi ko naman--“

“Yes they did,” sabat nito. “Pero hindi ko gusto ang lasa. And I missed your cooking.”

Tiningnan niya ang lalaki. Madilim na ang gilid ng panga niito dahil ilang araw na itong hindi nakakadungaw sa salamin at nakakapag-ahit. Na hindi ibig sabihin ay pumangit ito. Sa totoo lang, mas nadagdagan pa nga ang ‘masculine charm’ nito.

“I’m bored.”

“Hindi ka ba nanonood ng TV?” tanong niya at

kinuha ang remote control sa mesa sa tabi nito.

Umiling ito. Naaliw si Yen at ngumiti nang pasikreto. Sa asal ng amo, naalala niya ang isang batang siyam na taong gulang na walang magawa at walang kalaro.

“I’ll just order some breakfast for you,” sabi niya at tinungo ang intercom saka pinindot ang numero ng kusina ng ospital. “Hello, I’d like to ask for a specific breakfast for Mr. Gerhard, please.”

“Can’t you just make it for me?” sabi ng lalaki.

“Puwede naman tayo mag-request ng kahit anong gusto mo, para sulit ang bill ninyo sa ospital.”

“And what did you order?”

“You’ll have sugarless banana-pineapple smoothie and brown rice salad with almond nuts.”

“Sorry for being ornery today,” sabi nito. “Ang kati kasi ng buong katawan ko, kumakati na rin ang mga sugat ko, pero hindi ko man lang puwedeng kamutin.”

“Can you try to stand?” tanong niya. “Sabi ng doktor, sa ikatlo o ikaapat na araw ay puwede mo na raw ikilos ang mga braso’t binti mo.”

“I sure hope so. We can try,” sabi nito at sinubukang umiba ng posisyon. Tinulungan niya ito, pinatambok niya ang mga unan at binaliktad para iyong kabilang panig na malamig-lamig at presko naman ang dumikit sa katawan nito. Na ipinagpasalamat ng lalaki.

“I feel wobbly,” sabi nito at ipinatong ang mga paa sa carpet na sahig.

Dali-dali niyang kinuha ang tsinelas na nakatambay lang sa gilid ng kama, at sinalubong ang mga paa ng lalaki.

“Thank you,” sabi nito.

Tumango si Darrien bilang tugon. Tinatagan niya ang pagkakatayo nang kumapit ito sa balikat niya para kumuha ng suporta.

“Three full days in bed and I’ve become an invalid,” sabi nito habang humahakbang. Bumigay ang mga tuhod ni Manu. Sinalo niya ang bulto ng katawan ng milyonaryo at ibinaon ang sapatos sa carpet para hindi siya mabuwal.

“You can do it,” aniya na pinipigil ang pagbagsak nilang dalawa.

“I told you, I’m better off with the food you prepare for me,” sabi nito.

Pumikit si Yen dahil magkalapit lang ang mukha nila at tila ang sarap pakinggan ng boses nito. Nga lang, hindi siya nasiyahan na mas pinili nito ang mga pagkaing inihanda niya dati. Di ba nga't ang mga iyon ang sanhi ng aksidente nito?

“Ayan, nakakatayo ka na,” sabi niya nang sa wakas ay naramdaman niyang gumaan ang mga kamay nitong nakapatong sa mga balikat niya. Kumalas siya sa pagkakayakap dito.

“What a trip,” sabi ni Manu nang papasok na sila sa eroplanong pabalik ng Pilipinas.

“Gusto kong magpasalamat at dahil sa inyo nakatuntong ako ng America,” sabi niya.

“Walang anuman,” tugon nito at tiningnan siya. “Nakabili ka ba ng mga pasalubong para sa mga kaibigan mo?”

“Oo. And I had a great time. Really had a great time. Thank you, Boss.”

“Mabuti naman. So, gusto mo bang ipagpatuloy ang pagtatrabaho para sa akin? Sa kompanya ko?”

Hindi kaagad nakaimik si Yen. Mabuti na lang at nasa bukana ang isang flight attendant at binati sila

nito. Naguguluhan siya. Sa ipinapakitang kabutihan ng lalaki, sa mga nasaksihan niya bawat araw na lumilipas, gusto niyang iurong ang balak niyang paghihiganti rito.

Pero tatlong taon niya itong pinaghandaan. Bumuntong-hininga siya saka naupo sa aisle seat nang igiya sila ng flight attendant sa upuang nakatalaga sa kanila. Kung hindi na niya itutuloy ang balak, bakit pa siya magtatrabaho para rito?

“So I’m asking you, do you still like your job?” tanong nito nang makaupo na sa window seat, katabi niya.

“Yes, yes, I enjoy working for you.” At totoo iyon.